
4

DepEd
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 1: Katotohanan: Sasabihin Ko!



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao– Ika-apat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Kwarter 1 – Modyul 1: Katotohanan: Sasabihin Ko!**
**Unang Edisyon, 2020**

**Isinasaad ng Batas Republika 8293, seksiyon 176** na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names* tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon.Pinagtibay ng isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kakatawan sa paghiling ng kaukulang pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang – aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Mga Manunulat:** | Josephine Bruselas-Mien, Agnes Dejuras-Nocos, Lea B. Perez, Jessica Abanto-Pura |
| **Konsultant:** | Mary Jean B. Brizuela, Shiela C. Bulawan, Dollie G. Franche, Irene F. Yazon |
| **Tagaguhit:** | Jed T. Adra |
| **Naglayout:** | Jeffrey B. Sape, John Claude R. Caunca |
| **Mga Tagapamahala:** | Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao, Grace U. Rabelas, Lailanie R. Lorico, Jily I. Roces, Merlita B. Camu |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City, 4500

Contact: 0917-178-1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Kwarter 1 – Modyul 1:
## Katotohanan: Sasabihin Ko!

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 4** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Katotohanan: Sasabihin Ko!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang, at sinuri ng mga edukador mula sa pampublikong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy, upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan, at pang-ekonomiyang hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mga mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis, at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Edukasyon sa Pagpapakatao 4** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Katotohanan: Sasabihin Ko!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang mga sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kaming sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Ang pagsasabi ng katotohanan ay isang katangiang dapat taglayin ng batang tulad mo. Ito ay nagpapakita lamang ng iyong pagmamahal sa katotohanan. Ano pang katangian ang iyong taglay kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan anuman ang maging bunga nito? Kahanga-hanga ba ang mga katangiang ito?

Sa modyul na ito ay inaasahang nakapagsasabi ka ng katotohanan anuman ang maging bunga nito.

## Subukin

Basahin mo ang usapan.

Isang araw, masiglang naglalaro ang magkapatid na Ali at Ron, kasama ang kanilang alagang tuta sa loob ng kanilang bahay. Habulan ditto; habulan doon. Takbo rito; takbo roon hanggang sa masagi ni Ron ang plorera sa lamesa.

Ali: Naku ka, Ron! Nabasag mo ang plorera!

Ron: Ay, oo! Hindi ko sinasadya.

Ali: Kahit na! Kasalanan mo pa rin.

Ron: Itapon na lang natin para hindi makita ni Inay at hindi niya tayo mapagalitan.

Kinahapunan, pagdating ng kanilang nanay…

Ron: Mano po, Inay.

Ali: Mano po.

Ron: Inay, nabasag ko po ang plorera na nakalagay sa mesa dahil nasagi ko ito kanina sa aming paghahabulan.

Inay: Ganoon ba? Nasaan na?

Ali: Itinapon na po namin sa basurahan.

Inay: Natutuwa ako Ron at nagsasabi ka ng katotohanan. Dahil diyan, hindi kita pagagalitan pero sa susunod kung maglalaro kayo ng habulan, doon kayo sa labas.

Ron: Maraming salamat po, Inay! Mahal na mahal kita.

Inay: Walang anuman. Sana ipagpatuloy mo ang pagiging matapat anuman ang bunga nito.

Ron: Opo.

Sagutin ang mga tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Sino ang naglalaro sa loob ng kanilang bahay?
   A. Ali at Ron
   B. Allan at Roldan
   C. Arman at Rodel
   D. Anthony at Richard

2. Ano ang nangyari sa kanilang paghahabulan?
   A. Kinagat si Ron ng tuta.
   B. Nadapa si Ali sa sahig.
   C. Nahulog ang tuta sa bintana.
   D. Nabasag ang plorera sa mesa.

3. Tama ba ang ginawa ni Ron na pagsabi ng katotohanan? Bakit?
   A. Opo, sapagkat kailangang ipaalam sa magulang ang katotohanan.
   B. Hindi po, sapagkat magagalit ang magulang kapag nalaman na may maling ginawa.
   C. Hindi sigurado, sapagkat iba-iba ang reaksyon ng magulang kung magagalit o hindi.
   D. Hindi ko alam.

4. Kaya mo rin ba ang ginawang pagtatapat ni Ron sa kaniyang nanay? Bakit?
   A. Opo, dahil maluwag sa kalooban ang pagsasabi ng totoo.
   B. Opo, pero sasabihin ko na si Ali ang nakabasag.
   C. Opo, sasabihin ko na ang tuta ang may kasalanan.

D. Opo, pero sisisihin ko si nanay na naglagay ng babasaging plorera sa mesa.

5. Anong katangian ang ipinakita ni Ali at Ron nang tinanong sila ng kanilang inay? Sila ay ____________________.
   A. Matapat
   B. May lakas ng loob
   C. Mapagmahal sa katotohanan
   D. Lahat ng nabanggit

| Aralin 1 | Katotohanan: Sasabihin ko! |
|---|---|

Ang pagsasabi ng katotohanan ay nagpapakita ng iyong pagiging matapat. Ito ay sumasalamin sa iyong pagkatao kung saan nakaakibat rin dito ang lakas ng loob upang tanggapin ang anumang magiging bunga ng iyong pag-amin sa katotohanan. Kahanga-hanga ka kung taglay mo ang katangiang ito.

Ang modyul na ito ay makatutulong sa iyo upang masabi ang katotohanan anuman ang maging bunga nito. Malalaman mo rin ang kahalagahan ng ganitong hakbangin sa pagsusuri ng katotohanan.



## *Balikan*

Tingnan ang *puzzle*. Hanapin ang sampung mahahalagang salita na nagpapakita ng magagandang kaugalian ng batang Pilipinong katulad mo.


| | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | A | G | A | L | A | N | G | X | L | V | J | A | Y | N | M |
| A | A | D | H | U | Y | D | R | W | Z | M | X | Y | D | A | A |
| S | C | K | C | Q | G | N | A | P | A | T | A | M | K | M | T |
| I | H | B | A | R | T | W | D | Q | V | L | U | A | A | A | I |
| P | Q | A | I | T | L | P | R | Z | J | M | T | D | L | T | Y |
| A | J | K | P | X | A | S | X | O | I | A | K | V | A | U | A |
| G | R | T | U | O | H | O | T | D | O | V | M | W | K | L | G |
| B | M | A | K | A | D | I | Y | O | S | Q | V | A | A | U | A |
| O | G | S | F | K | E | M | A | S | U | N | U | R | I | N | W |
| M | T | O | G | L | Q | T | Y | D | K | R | W | B | L | G | M |
| N | I | N | A | H | A | L | A | L | A | A | M | X | H | I | U |
| S | B | D | A | F | H | T | Y | O | L | A | L | A | A | N | S |
| M | A | P | A | G | M | A | H | A | L | Z | H | U | N | O | Q |

## *Tuklasin*

Basahin ang sitwasyon at sagutan ang katanungan tungkol dito sa tulong ng *graphic organizer*. Iguhit ang *graphic organizer* sa iyong kuwaderno. Isulat dito ang iyong sagot.

Hiniram ni Ara ang *cellphone* ng kanyang ate. Habang siya ay naglalaro nito, bigla itong nahulog at nabasag. Takot na takot siya. Agad niya itong dinampot at ipinakita sa kanyang ate.

Ano-anong mga katangian ang taglay ni Ara kung siya ay nagsasabi ng totoo?




## Tandaan Mo

Hindi palaging madaling magsabi ng totoo lalo na kung iniisip mo ang ibang tao o di kaya'y natatakot ka sa maaaring kahihinatnan kapag nalaman ng iba ang katotohanan. Kalimitang kinatatakutan sa pagsasabi ng katotohanan ay ang mapagalitan ng magulang. Minsan mas madaling magsabi ng hindi totoo o kaya'y manahimik na lang. Bagama't mahirap, kailangang nasasabi mo ang katotohanan anuman ang maging bunga nito.

Ayon sa isang kasabihan: Ang katapatan ay ang pinakamahusay na patakaran. Nangangahulugan ito na mahusay itong patakaran ng pakikipag-ugnayan mo sa iyong kapwa. Sa iyong pakikipagkaibigan o sa pakikitungo sa mga kasapi ng iyong pamilya, mahalaga ang pagsasabi ng katotohanan.

Bakit mahalaga ang pagsasabi ng katotohanan? Narito ang ilang dahilan:

- Ang pagsasabi ng totoo ang tama at mabuting gawin ng isang tao.
- Hindi matatakpan ng pagsisinungaling ang katotohanan. Ito ay hindi maaaring itago. Matutuklasan ito anumang oras. Kahit piliin mong magsinungaling, matutuklasan pa rin kung ano ang totoo.
- Maganda at magaan sa pakiramdam kapag nagsasabi ka ng totoo.
- Pagkakatiwalaan ka ng iyong kapwa kapag ikaw ay matapat.
- Marami ang magnanais na maging kaibigan ka.

Bagama't maaaring hindi mo gusto ang agarang epekto ng pagsasabi ng totoo, higit na mahalaga ang pangmatagalang epekto nito sapagka't ang pagsasabi ng totoo ay magdudulot ng kapayapaan at kasiyahan.



## *Suriin*

Suriin mo ang mga sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot para sa bawat bilang. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Oras ng *recess*. Aksidente mong nabuhos ang *juice* sa bag ng iyong kaklase. Paano mo sasabihin sa kanya ang nangyari?
   A. "Pasensiya ka na; hindi ko sinasasadyang mabuhusan ang bag mo. Hayaan mo at ito ay aking pupunasan ng aking panyo."
   B. "Bakit ba kasi diyan mo lang nilalagay iyang bag mo? Hayan tuloy, nabuhusan ko."
   C. "Sana hindi mo nilagay dito sa tabi ko ang bag mo para hindi ko ito nabasa."

D. "Ilipat mo na lang sa ibang upuan itong bag mo kasi nabasa na."

2. Nakita mong nagpapasahan ng bola sina Edgar at Roy sa labas ng inyong silid-aralan. Natamaan nila ang salaming bintana kaya ito ay nabasag. Ano ang sasabihin mo sa inyong guro na alam mong magagalit sa inyong klase kapag nalaman ito?
   A. "Ma'am, hindi ko po alam kung sino ang nakabasag niyan kasi dito lang naman ako sa loob ng silid-aralan."
   B. "Ma'am, sina Edgar at Roy po ang nakatama niyan kanina habang sila ay nagpapasahan ng bola."
   C. "Ma'am, mga taga-ibang seksyon po siguro ang nakabasag niyan kanina sa kanilang pagdaan dito."
   D. "Ma'am, siguro po sina Ana at Lisa ang nakabasag kasi sila po ang nagtatakbuhan kanina."

3. Naabutan mong pinapagalitan ng iyong tatay ang kapatid mo dahil nakita niyang sira ang gripo sa inyong lababo. Alam mong ikaw ang nakasira nito. Paano mo sasabihin sa iyong tatay?
   A. "Sila po, Tatay ang nag iwan niyan kaya dapat lang na sila ay pagalitan."
   B. "Hindi ko po alam na babahain tayo dito kapag iniwan ko lamang ang gripong sira."
   C. "Ako po, Tatay ang may kasalanan kaya huwag mo na po silang pagalitan."
   D. "Pasensiya na po, Tatay at hindi ko agad nasabi sa inyo na nasira ko ang gripo kanina habang ako ay naliligo."

## *Pagyamanin*

**Gawain 1**

Suriin ang mga sitwasyon at lagyan ng tsek (/) kung ito ay nagsasabi ng katotohanan anuman ang maging bunga at ekis (x) naman kung hindi.

___1. Inamin ni Jessica na siya ang nakabali ng ruler ng kanyang kuya kahit alam niyang hindi na siya pahihiramin nito.

___2. Sinabihan ni Fe ang kanyang nakababatang kapatid na huwag isumbong sa kanilang nanay na napunit niya ang kurtina upang hindi sila mapalo nito.

___3. Hinayaan mo lang na mapalo ng iyong tatay ang kuya mo dahil ito ang napagkamalang kumuha ng pera sa kanyang pitaka.

___4. Nakita mong itinulak ni Phine si Jho kaya nahulog ito sa kanyang kinatatayuan pero dahil ayaw mong madamay ay hinayaan mo na lamang ito.

___5. Sinabi mo sa iyong tatay ang nawawala mong baon kahit alam mong pagagalitan ka niya.

**Gawain 2**

Habang ikaw ay naglalakad pauwi galing sa eskuwela, nakita mong nabunggo ng isang sasakyan ang kaklase mong nagbibisikleta. Ikaw ay natakot sa pangyayari kaya mabilis kang naglakad pauwi.

Tama ba ang iyong ginawa? Bakit? Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

## *Isaisip*

Ano ang dapat mong gawin upang masabi ang katotohanan anuman ang maging bunga nito? Piliin ang pangungusap ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

☐ Magsasabi ng katotohanan lamang.

☐ Sabihin ang katotohanan anuman ang mangyari.

☐ Gumawa ng sariling kuwento upang pagtakpan ang katotohanan.

☐ Sasabihin ang tanging alam na katotohanan.

☐ Hayaang sa iba manggaling ang katotohanan.

## *Isagawa*

Nakita mong kinuha ng kaklase mo ang bolpen ng katabi niya. Hindi mapalagay ang may-ari ng bolpen sa kahahanap nito. Nilapitan ka ng kumuha nito at sinabihan kang susuntukin ka kapag siya ay iyong isinumbong. Ano ang dapat mong gawin upang masabi ang katotohanan? Isulat ito sa iyong dyornal o kuwaderno.

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

## *Tayahin*

Lagyan ng masayang mukha ang bilang ng pangungusap na nagsasabi ng katotohanan anuman ang maging bunga nito at malungkot naman kung hindi.

____1. Ipinapaalam ko agad ang totoong pangyayari upang mabigyang solusyon ang problema kahit alam kong magagalit sila sa akin.

____2. Sinasabi ko agad sa aking mga kaibigan ang aking kasalanan upang hindi sila madamay.

____3. Sinisigurado kong pawang katotohanan lamang ang aking sasabihin kung ako ay tinatanong upang alamin ang totoo.


____4. Lagi kong tatandaan na mas mabuting magsinungaling kaysa mapagalitan at mapalo.

____5. Tatakpan ko ang kasalanang nagawa ng aking kapatid upang hindi siya mapalo ni nanay.

## *Karagdagang Gawain*

Kaarawan ng iyong kapatid kaya inanyayahan ng inyong nanay ang mga kaibigan at kalaro mo. May palaro na pabitin kaya nagsisiksikan kayo sa pagkuha ng mga laruan. Naitulak mo ng hindi sinasadya ang batang katabi mo. Natumba ito at nagasgasan ang kamay at tuhod.

Ayon sa sitwasyon na iyong nabasa, ano ang iyong dapat gawin? Isulat ang iyong sagot sa loob ng laruang nasa pabitin. Iguhit ang larawan sa iyong dyornal o kwaderno at isulat ang iyong sagot dito.



Naibahagi na sa iyo ng modyul na ito ang paraan ng pagsasabi ng katotohanan anuman ang maging bunga nito. Alam kong dahil dito ay magsasabi ka na ng katotohanan anuman ang maaaring mangyari. Hangad kong maisabuhay mo ito upang ikaw ay tularan at hangaan sa pagiging matapat.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. A
2. D
3. A
4. A
5. D

**Balikan**

1. Masipag
2. Matapang
3. Makatao
4. Masunurin
5. Matulungin
6. Maalalahanin
7. Matiyaga
8. Magalang
9. Makadiyos
10. Mapagmahal

**Tuklasin**

- Matapat
- Malakas ang loob
- Mabait
- Mabuting kapatid

**Suriin**

1. A 2. B 3. D

**Pagyamanin**

**Gawain 1**

1. √
2. X
3. X
4. X
5. √

**Gawain 2**

- Hindi po, upang hindi malaman ang totoong nangyari kung hindi ako magsasabi ng tungkol dito.
- Hindi po, dahil hindi ko matutulungan ang bata kung ako ay matatakot.
- Hindi po, dahil hindi ako nakakatulong kung hindi ko sasabihin ang katotohanang aking nakita.
- Hindi po, dahil kawawa naman ang bata kung hindi matutulungan upang malaman ang pangyayari.
- Hindi po, upang mas malaman ang katotohanan kung sasabihin ko ang aking totoong nakita.

**Isaisip**

1. / 2. / 3. X 4. / 5. X

**Isagawa**

- Isusumbong ko sa aking guro ang maling ginawa ng aking kaklase
- Sasabihin ko sa aking kaklase kung sino ang kumuha ng kanyang bolpen
- Sasabihan ko na mali ang kanyang ginawang pagkuha ng hindi kanya

**Pagtataya**

1. ☺ 2. ☺ 3. ☺ 4. ☹ 5. ☹

**Karagdagang Gawain**

1. Tutulungan ko siya na makatayo.
2. Aalalayan ko siya sa paglakad.
3. Sasamahan ko siya upang magamot ang kanyang mga sugat.
4. Ipagagamot ko kay nanay ang kanyang mga sugat.
5. Bibigyan ko siya ng laruang aking nakuha sa pabitin

# *References*

Kagawaran ng Edukasyon. *K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao,* Gabay Pangkurikulum. Mayo 2016. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/ESP-CG.pdf.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph